Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7'6

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG MAYO18, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon ........ | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ........ | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano ........ | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Laura P. Obligacion ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ........ | Kagawad |

### KAPASIYAHAN BLG. 107-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 03-T2009 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG CALIOS NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG DAAN DALAWAMPU'T APAT NA LIBO WALONG DAAN DALAWAMPU'T SIYAM NA PISO AT ANIMNAPU'T PITONG SENTIMOS (P324,829.67) MULA SA PANIMULANG BALANSE, TAONG 2009 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND – SOLID WASTE MANAGEMENT (P17,648.70), 10% SK FUND (P121,352.70), CASH GIFT (P55,000.00), GASOLINE (P30,000.00), SEMINAR/TRAINING EXPENSES (P40,000.00), LAKBAY ARAL (P30,000.00) AT OFFICE SUPPLIES AND MATERIALS (P30,828.27) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 035-T2009/Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2009 ng Sang. Brgy. ng Calios na nagkakahalaga ng P324,829.67 mula sa Panimulang Balanse, taong 2009 upang ilaan 20% development Fund – Solid Waste Management (P17,648.70), 10% SK Fund (P121,352.70), Cash Gift (P55,000.00), Gasoline (P30,000), Seminar/Training Expenses (P40,000.00), Lakbay aral (P30,000.00) at Office Supplies and Materials (P30,828.27) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T**, lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Romulo A. Elca at Oscar F. Feliciano at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2009 ng Sang. Brgy. ng Calios na nagkakahalaga ng P324,829.67 mula sa Panimulang Balanse taong 2009 upang ilaan 20% development Fund – Solid Waste Management (P17,648.70), 10% SK Fund (P121,352.70), Cash Gift (P55,000.00), Gasoline (P30,000), Seminar/Training Expenses (P40,000.00), Lakbay aral (P30,000.00) at Office Supplies and Materials (P30,828.27) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. Calios, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY**.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Alan T. Pamatmat
NAGPATOTOO: **KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan